


LILAK (PURPLE ACTION FOR
INDIGENOUS WOMEN'S RIGHTS)

FĒGĒLUKĒS AT LINGGĒNG

KWENTO AT AWIT NG MGA
KATUTUBO AT KABABAIHAN

MARSO 2024



TALAN NG NILALAMAN

Tungkol sa Fëgëlukës at Linggëng	01
Tracklist at Credits	02
Mga Awitin	04
Mga Litrato	23
Tungkol sa LILAK	25
Tungkol sa AMP3	25

FËGËLUKËS AT LINGGËNG

Nangyayari ang buhay at binabahagi ito sa mga Facebook post, Instagram stories, at tweets. May mga pangyayari rin ang buhay na ibinabahagi sa tula, sa kanta, sa obra, at sa mga kwentong ibinabahagi nang paulit-ulit.

Nangyayari ang buhay, at habang nangyayari ito, dinadanas at dinadaan ito ng katutubong kababaihan. At sa bawat paghinga nila, ang mga kulay, sakit, drama, at galak, ang karaniwang danas, ay sinasalo ng lupa. Bunga ng iba't ibang bagay — kawalan ng espasyo, enerhiya, at lakas ng loob na ibahagi ang kanilang mga kwento, palaisipan, at pangarap — tinatangay na lamang ito ng hangin. Ang mga ito ay parang bula na hindi na nasusulyapan, kahit ng mismong mga katutubong kababaihan.

Nalulunod ang mga kwento at tula sa kanilang isipan sa pagkaligalig sa gawaing bahay at pagsisiguradong may laman ang hapagkainan sa bawat araw. Sa pagdanas ng mga komunidad ng iba't ibang hamon — gulod dulong ng iba't ibang porma ng pagkamkam sa kanilang lupain, pagpapalayas sa kanilang mga tahanan, intimidasyon at militarisasyon — ang kanilang buhay at kultura, at pagpapahayag ng damdamin ay malalim nang nakabaon sa kanilang kolektibong kamalayan. Ang iba namang naglalakas-loob na magtaas ng boses, pilit ding tinatabunan ng mga taong matagal nang may pwesto sa paghabi ng mas malawak na kwento; mga taong hindi napagtatantong may ibang naghihintay na makapagbahagi, at makapagkwento rin ng kanilang kwento at danas, pati ang kwento at danas ng kanilang komunidad sa kaniyang sariling mga salita, sariling boses.

Sa mga taong nagdaan, naririnig ng LILAK ang mga kanta, tula, at kwento ng kaniyang mga katuwang na katutubong kababaihan na binubulong sa maliliit na pagtitipon. At narinig din ng LILAK ang kanilang pangarap na magkwento at umawit pa tungkol sa kanilang buhay.

Bilang tugon, nabuo ang **Fëgëlukës at Linggëng: Awit at Kwento ng mga Katutubong Kababaihan**. Ang mga salitang “fëgëlukës” at “linggëng ay hiniram na mga salita mula sa Teduray na ang ibig sabihin ay “awit” at “kwento”. Sinikap ng LILAK na bumuo ng espasyo kung saan malaya ang mga katutubong kababaihan na harapin ang kanilang mga palaisipan at hayaan ang mga ito na maging musika. Sinikap din ng LILAK na bumuo ng espasyo kung saan malaya silang makadaupang-palad ang ibang katutubong kababaihan, pati na rin ibang Filipino women artists na tinataguyod ang kanilang sarili sa independent, socially engaged music scene. Nagbahaginan, nagbigayan ng lakas ng loob, at natuto sila mula sa kwento’t konteksto ng isa’t isa, at kung paano ito mailalahad sa mas makatotoo at malikhaing paraan.

Sa pakikituwang kasama ang Asian Music for Peoples’ Peace and Progress (AMP3), idinaos ng LILAK ang songwriting workshop para sa mga katutubong kababaihan noong Marso 2023. Matapos ang tatlong araw, naganap ang recital kung saan kung saan itinampok ang mga awit at kwento ng mga katutubong kababaihan mula sa Erumanen ne Menuvu, Ayta Abellen, Kirinteken Pulengin Manobo, at iba pang women’s rights advocates mula sa LILAK at kaniyang networks.

Paglipas ng isang taon, nilinang at ni-record ang bawat kanta sa gabay ng mga mentor at musikero ng AMP3. **Ngayong Marso 22, 2024, handa na para sa pakikinig ng publiko ang Fëgëlukës at Linggëng album.**

“LIKHA”

Music and Lyrics by Aniya Kalinaw
Vocals and Ukelele by Aniya Kalinaw
Bass by Jonathan Ronquillo
Djembe by Julz Gandesa
Bell by Bong Ramilo

“DITO SA LUPA”

Music and Lyrics by Missboy
Vocals and Kuving by Missboy
Backing Vocals by Alyssa
Bass and Indian Hand Drum by Jonathan Ronquillo
Guitar and Shakers by Joseph Purugganan

“TIGKER”

Music and Lyrics by Lady Vanz
Vocals by Lady Vanz
Ukelele by Alyssa
Bass by Jonathan Ronquillo
Djembe by Julz Gandesa
Harmonica by Joseph Purugganan

“TAWAG”

Music and Lyrics by Raia Bidangan
Guitar and Vocals by Raia Bidangan
Double bass by Fendy Rizk

“TAHANAN”

Music and Lyrics by Joe Suobiron
Guitar and Vocals by Joe Suobiron
Piano by Joseph Purugganan
Bass by Fendy Rizk

“MAGKAISANG HARAPIN”

Lyrics by Lovely, Diana, and Celeste

Music by Lovely, Diana, Celeste, and Aniya Kalinaw

Vocals and Backing Vocals by Lovely, Diana, and Celeste

Backing vocals by Joe Suobiron

Guitar by Joseph Purugganan

Bass, Lead Guitar, Percussion, and Shakers by Jonathan Ronquillo

“KATUTUBONG KULTURA”

Music and Lyrics by Janet Nimo

Arranged by Jonathan Ronquillo

Vocals by Janet Nimo

Guitar, Bass, Cajon, and Backing Vocals by Jonathan Ronquillo

“KWENTO NG LUPA”

Music and Lyrics by Mara Peralta, Dania Reyes, and Mutya Claver

Vocals by Mara Peralta

Guitar and Vocals by Dania Reyes and Mutya Claver

Strings by Jonathan Ronquillo

“MALAYO NA”

Music and Lyrics by Joe Suobiron

Vocals and Ukulele by Joe Suobiron

Bass and Backing Vocals by Jonathan Ronquillo

Recorded by **Jonathan Ronquillo, Bong Ramilo and Joseph Purugganan** at **AMP3 Home Studio** in July and November 2023

Mixed by **Jonathan Ronquillo** and mastered by **Mark Estandarte**

Produced by **LILAK (Purple Action for Indigenous Women's Rights)** and **Asian Music for People's Peace and Progress (AMP3)**

Album Art by **Joe Suobiron**
Zine Design and Layout by **Jorelyn Viray**

Acknowledgements

Special thanks to Fendy Rizk from Bali, Indonesia for playing and recording the bass track for Tawag and Tahanan, and Julz Gandeza of Musikang Bayan and the Village Idiots for playing djembe on Likha and Tigker.

Mga bukid ang nakaukit sa iyong mga kamay
Na tahimik na umiibig sa hiwaga ng buhay
Sa sanlibong iniisip,
May puwang pa ba kaya ang mangarap?

Sinusulat na lang sa lupa, mga tulang nagsisikhay
Ginuguhit sa mga tala, minimithing paglalakbay
Ang sanlibong panaginip,
May puwang ba sa labas ng tahanan?

Paano kung--

Kaya mong lumikha ng mas malawak na mundo
Hayaan mong bumalikwas, kumawala
Ang puso mong sumisigaw
Ang papanday ng bukas ay ikaw.

Ang mga kuwento ng mga luha,
Paninindigan, pakikibaka,
Umuusbong sa'yong mga palad

At ang himig ng kabundukan,
Humihimbing sa sinapupunan
Ng awit mong naghihintay
Na palayain na

Kaya mong lumikha ng mas malawak na mundo
Hayaan mong bumalikwas, kumawala
Ang puso mong sumisigaw

Ang papanday ng bukas ay ikaw



I-SCAN PARA
MAPAKINGGAN!

Si **Aniya Kalinaw** ay isang guro, visual artist, at musikero mula sa Batangas. Nagsimula siyang sumulat ng sarili niyang mga kanta noong 2020 bilang pampalipas-oras, pampagaan ng loob, at pagbuntong-hininga sa pagtugon ng pamahalaan sa pandemya. Ginagawa nyang kanta ang mga bagay na hindi nya masabi nang tuwiran.

DITO SA LUPA

ni MissBoy Taupan

Dito sa lupa nakaukit
Ang kasaysayang hinabi
Ang pagkakakilanlan
ay pamana sa kasalukuyan

Ang lupa ay buhay
Kaya dapat ingatan
Ang lupa ay buhay
Kaya dapat alagaan

Dito sa lupa naka-ugat
Mga sayaw at awitin
Kasuota't kulay natin
Sa kultura'y sumasalamin

Ang lupa ay buhay
Kaya dapat ingatan
Ang lupa ay buhay
Kaya dapat depensahan

Dito sa lupa nagmula
Ating mga kabuhayan
Maging ang mga gamot
Na Lunas sa karamdaman

Ang lupa ay buhay
Kaya dapat ingatan
Ang lupa ay buhay
Protektaha't ipaglaban

Dito sa lupa nakaukit
Dito sa lupa naka-ugat
Dito sa lupa nagmula
Dito sa lupa, Dito sa lupa
Dito lang sa lupa



I-SCAN PARA
MAPAKINGGAN!



Si **Missboy** ay kaisa sa mga katutubong kabataan at kababaihan na nanawagan at sumusulong sa pagkilala at pagrespeto sa kanilang lehitimong karapatan sa lupaing ninuno, sariling pagpapasya, at pagkakakilanlan.

Sa paraan ng pagsusulat ng tula at kanta, mas lalo niyang napapalakas ang mga panawagan at naipapaalam ang totoong kalagayan at katayuan ng mga katutubo mula sa kanilang mga komunidad, lalo na sa kapwa niyang mga Erumanen ne Menuvu.

TIGKER

ni Lady Vanz

Ketenuran ku pa
Ke kahi ni Ina
Ke penduan tendangan ni Ina
Ketenuran ku red
Ke kahi ni Ama
Ke uyawan ledawan ni Ama

Iyan kahi ni Ina
Embya mesakit ke pengasak
Ipelambas nu ra
Diyat divaluy'n telinga
Inum ka te wayg
Puun te binangga
Maadsil ne wayg
Peke evew te ginawa

Ina wera en ma ke binangga
Su midpenamuk en ma ni Aya
Ke *kuvung tew neulug nepesa
Intemeg mid uring su midtutuug ki te sera

*Naalala ko pa
Ang sabi ni Ina
Ang mga turo at bilin ni Ina
Naalala ko rin
Ang sabi ni Ama
Ang mga aral at dunong ni Ama*

*Ang sabi ni Ina
Kung may masakit na salita
Palabasin na lang
Sa kabilang tenga
Inom lang ng tubig
Na galing sa banga
Malamig na tubig
Nakapagpapalamig ng damdamin*

*Ina, wala na po ang banga
Tinangay na po ni Aya
Ang kuvung (bao ng niyog) nabasag
Inuling dahil nag ihaw tayo ng isda*

Wera en binangga, ke kuvung nepesa
Engkey en be, Ina?
Wera en binangga ke kuvung nepesa
Engkey pa be, Ina?

Iyan kahi ni Ama
Embyad ey-eyuwen ka
Epuki nu en
Taman teg kegaga
Kena ka ed atu
Su edpekemureka
Kena ka edtavak
Su edkesala ka

Ama, Ama, embya sud epuk ad
Edkepatay a kependusan te ginawa
Duen edsinehew denda ked diyaga
Edkekepi kepi, edpeng-pengaan da
Embya sud epuk ad
Kependusan a te ginawa
Engkey en be, Ama?

*Wala na ang banga, ang kuvung nabasag
Paano na ba iyon, Ina?
Wala na ang banga, ang kuvung nabasag
Paano ngayon, Ina?*

*Ang sabi ni Ama
Kung inaapi ka
Hinga nang malalim
Hangga't makakaya
Huwag kang lalaban
Baka ka makarma
Huwag kang sasagot
Magkakasala ka*

*Ama Ama, kung hihinga ng malalalim
Mamamatay ako maubusan ng hininga
Mayroong iiyak, maraming lalamay
Magkakape at makikikain lang*

*Kung hihingang malalim
Mauubusan ng hininga
Paano na ba iyon, Ama?*

Embya sud epuk ad
Kependusan a te ginawa
Engkey pa be, Ama?

Ina Ama kena ad lempawi
Su ustu ma langun niyu ne midpengahi
Te dait te etew ne duen din tigker
Kena te mesuyat kena ma te meusig

Ina Ama kena a mesuyat
Kena ma te ed atu, kena te edpenavak
Idpekita ku ra te duen tindeg ku
Idpesabut ku ra te duen ma kewaris ku

Kena a mesuyat kena ted penavak
Duen da tindeg ku
Kena a mesuyat kena ted penavak
Duen ma kewaris ku

Tigker ka ve Ina
Tigker ka ve Ama

*Kung hihingang malalalim
Mauubusan ng hininga
Paano ngayon, Ama?*

*Ina, Ama, hindi sa sumasagot ako
Tama naman kasi lahat niyong sinabi
Na dapat sa tao ay may pasensiya
Hindi nangangaway, hindi nanggugulo*

*Ina, Ama, hindi ako nangangaway
Hindi lumalaban, hindi sumasagot
Ipinapakita ko lang na may paninindigan ako
Ipinapaalam ko lang na may karapatan din ako*

*Hindi nangangaway, hindi sumasagot
May paninindigan lang ako
Hindi nangangaway, hindi sumasagot
May karapatan lang ako*

*Pasensiya po, Ina
Pasensiya po, Ama*



I-SCAN PARA
MAPAKINGGAN!

Si **Lady Vanz** ay isang ina na pilit lumalaban para sa kinabukasan ng kaniyang mga anak at ng buong komunidad ng Erumanen ne Menuvu na hanggang ngayon ay biktima pa rin ng pagmamalabis.

Nangangarap siyang hindi man armas ang kaniyang dala, makayanan niyang maituwid ang mga maling paratang at pagtrato sa kanila sa pamamagitan ng pagkanta. "That's all and thank you."

TAWAG

ni Raia Bidangan

Sa bukal ng gawasan,
Kumukuha ng inuming tubig
Ang lupaing guketen,
Alam niyo bang dati'y atin?

Sa boses ng matatanda,
Kayo'y nakikinig pa ba?
Payo ng mga apu,
Sinusunod niyo ba?

Kabataang katutubo,
Marunong pa bang magsalita?
Kabataang katutubo
Marunong pa bang magpahalaga?

Awit, sayaw, na itinuro,
Inyo pa bang saulo?
Puti at dilaw na panyo,
Alam niyo bang sagrado?

Kabataang katutubo,
Marunong pa bang magsalita?
Kabataang katutubo
Marunong pa bang magpahalaga?

Ang tulay na ngayo'y
Ating tinatawid,
Alam niyo bang
Dati iya'y kable lamang?

Kilala niyo pa ba ang bentangan?
May alam pa ba kayo sa kasaysayan?
Oh kabataang Erumanen
Kayo'y nasaan?

Apoy ng ating kultura,
Unti-unti ng naapula
Dugong katutubo,
Paglabo'y hahayaan ba?

Tawag, kabataan
Tawag, katutubo
Tawag, kabataang katutubo



**I-SCAN PARA
MAPAKINGGAN!**

Si **Raia Bidangan**, kilala rin bilang Jannah Mariz Abatayo, ay isang batang babae mula sa Erumanen ne Menuvu na nagsusumikap na ipagtahi-tahi ang kaniyang pagmamahal para sa musika at sining, kadugtong ng pagsasakatawan at pagsasaboses ng bawat detalye ng kanilang katutubong kultura at tradisyon, pati na rin ang kanilang mga pangunahing isyu.

Bilang batang katutubong babae, inaakay niya bilang gampanin at adbokasiya ang paghikayat at paghamig ng kapwa kabataan sa pagpapanatili, pag-aaruga, at pagpapahalaga sa lahat ng bagay na kakabit ng grupong Erumanen ne Menuvu at ang kanilang kultura.

TAHANAN

ni **Joe Suobiron**

Tiwalang tinanim sa iyong ama
Akala mo'y ligtas, d'on pala magwawakas
Ang taon ng pagsasama'y tuluyang nabura
Di na sumubok pumiglas, di naman uubra

Laging binabalot ng kaba.
Sino ang mali, ikaw ba?

Halika na rito, ako'y sandalan mo
Di patas ang mundo, wag kang sumuko
Di mo kasalanan, kasalanan ng lipunan
Ako ang 'yong tahanan, sandal ka at tumahan.

Laging binabalot ng kaba.
Sinong nagkulang, ikaw ba?

Halika na rito, ako'y sabayan mo.
Di patas ang mundo, wag kang susuko
Ako'y iyong tahanan, sandal na at tumahan
Ako ang yong sandalan, tumahan na sa tahanan

Joe, trans non-binary at aktibista.

Sining ang naging tulay niya sa pagpapahayag niya ng kaniyang damdamin. Naniniwala siya na ang kanyang art style at art form ay nagbabago-bago kasabay ng pagbabago-bago ng pagtingin at pag-unawa niya sa mundo.



**I-SCAN PARA
MAPAKINGGAN!**

MAGKASANG HARAPIN

nina **Lovely, Celeste, at Diana** mula sa **BTYA**

Sa lupa may kasaganahan
Kabuhayan, walang hangganan
Sa tubig ay dumadaloy
Ang larawan ng ating pinagmulan

Ala-ala na lamang ba?
O kaya nating mabawi pa

Magkaisa tayong harapin
Mga hamon ng bawat pasanin
Sa atin magsisimula
Pagbabagong gustong ilathala

Kuing, kudling, saluray, kutyapi,
Mga kwento natin ay ibabahagi
Kukuman kultura na ëd tanuran të
Id savuk të pusing wëy gahinawa
Apëy sikitëw ëd pëkëd savaha
Ëd hitindëg të këy tëw në dërëpë

Magkaisa tayong harapin
Mga hamon ng bawat pasanin
Sa atin magsisimula
Pagbabagong gustong ilathala

Magkaisa tayong harapin
Mga hamon ng bawat pasanin
Sa atin magsisimula

Magkaisa tayong harapin
Mga hamon ng bawat pasanin



I-SCAN PARA
MAPAKINGGAN!

Ang **Bukidnon Tribal Youth Ambassadors (BTYA)** ay isang samahan ng mga katutubong kabataan at kababaihan na may adbokasiya para sa edukasyon, kalusugan, kalikasan, kultura at karapatan.

Si **Lovely** ay isang katutubong kabataang kababaihan na may karanasan, kalakasan at kakayahan upang ipaglaban ang kanilang karapatan at tumindig para sa bayan.

Si **Diana** ay isang kabataang katutubo na patuloy na magsasalita para sa karapatan ng katutubong kabataang kababaihan laban sa karahasan.

Pakilala ni **Celeste**,
“Ako nga pala ang inyong Kaibigan,
Na may hindi pangkaraniwang pangalan,
Haha kung sambitin ng iba,
Gaya ng pagsambit nila,
Saya ang aking dala.

Ako nga pala si Celeste Bagna,
Na may tinatagong talento kumbaga,
Isang katutubong kabataan,
Na kung saan tumutulong at lumalaban.
Meron akung ibabahagi
Pero hindi ko sasabihin,
Kung gusto niyong malaman,
Ako muna’y ppilitin.”



KATUTUBONG KULTURA

ni **Janet Nimo**

Noon tuliro sa hakbang at kilos
Ang damdamin ay hindi matalos
Sapagkat ang buhay ay hindi maayos
Tirahan namin ay kapara ng agos
Kung saan mapadpad ay doon yayapos
At mahabang panahon ito'y gumapos
Sa buwang-liwayway ay salat at upos

Ngayon sa Maporac ay kaayo-ayo
Salamat sa aming mahal na ninuno
Sariwang hangin ay sagana at samyo
Tanawing marikit ay sumusuyo
Preskong ilog sa lahat ng magkapuso
Kabutihang asal sa tuwina'y uso
Samu't-saring yamang likas ay panalo

Lupaing ninuno sa'min kung tawagin
Ay makikita kaming Ayta-Abellen
Dito sa Maporac ay may pagtingin
Ang lingap-kalikasa'y masasalamin

Katutubong kultura ay pagyamanin
Ang aral mula rito'y pakalimiin
Ito ang aming tungkod sana'y lingapin

Katutubong kultura ay pagyamanin
Ang aral mula rito'y pakalimiin
Ito ang aming tungkod sana'y lingapin



I-SCAN PARA
MAPAKINGGAN!

Si **Janet Nimo** ay isang katutubong kababaihan at lider. Nais niyang patuloy na maging tulay at boses ng kapawa niyang mga Ayta Abellen. Pangarap niya na sa pamamagitan ng kanyang awitin ay maipakilala niya ang kanilang mga ninuno at lupaing pinagmulan bilang “Tatak Ayta Abellen!”



KWENTO NG LUPA

Dala ng tag-araw
Ang binhi at balaraw
At ako'y nakaabang
Sa aking pakinabang

Pinupukaw ng ulan
Ang binhing aking lulan
Pilit man na hadlangan
Pagsibol ay kailangan

At dala ng amihan
Ang simoy ng anihan
Sa dilig ng pag-asa
Ako'y 'yong pinagyaman

Ang iyong katapangan
Yan ang aking tanggulan
At iyong sasalagin
Ang unos na darating

At dala ng amihan
Ang simoy ng anihan
Sa dilig ng pag-asa
Ako'y 'yong pinagyaman

Upang ako linangin
Balang ay susupilin
Sa kanilang mangaangkin
Ako ay babawiin

Sa dilig ng pag-asa
Ako'y iyong pinagyaman
At dala ng amihan
Ang simoy ng anihan

Si **Mara Peralta** ay isang cultural worker-activist. Siya rin ay Women's Desk Officer ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA).

Si **Mutya Claver** ay isang cultural worker mula sa Baguio. Kabilang siya sa Salidummay o Dap-ayan ti Kultura iti Kordilyera at Sulong Likha.

Si **Dania Reyes** ay isang manunulat, literary critic, musikera, at cultural worker mula sa PISARA: Artista para sa Makabayan at Progresibong Edukasyon at Kultura.



I-SCAN PARA
MAPAKINGGAN!



MA LAYO NA

Malayo pa pero malayo na
Malayo pa pero malayo na

Ikay di mapakali, tatahaki'y di madali
Kaya't wag magmadali, magbakasakali
Sumama sa pagkilos, 'wag magpadalos-dalos
Masdan ang hinaharap, papuntang pangarap

Malayo pa ang lakbay,
Patungo sa tagumpay
Itaas ang iyong kamay,
Humiyaw nang sabay-sabay
Itaas ang iyong kamay,
Humiyaw nang sabay-sabay

Malayo pa, pero malayo na
Malayo pa, pero malayo na

Malayo pa ang lakbay,
Ika'y maging matibay
Humanap ng kasabay,
Sumigaw nang sabay-sabay
Humanap ng kasabay,
Sumigaw nang sabay-sabay

Malayo pa pero malayo na
Malayo pa pero malayo na
Malayo pa pero malayo na
Malayo pa, tayo'y malayo na



I-SCAN PARA
MAPAKINGGAN!





PRODUCERS



LILAK (PURPLE ACTION FOR INDIGENOUS WOMEN'S RIGHTS)

Ang **LILAK** ay isang kolektibo ng mga peminista, aktibista, at katutubong kababaihan na pinagsasama-sama ang aming mga puso, isipan, at enerhiya upang suportahan at makiisa sa pakikibaka ng katutubong kababaihan.



ASIAN MUSIC FOR PEOPLE'S PEACE AND PROGRESS (AMP3)

Ang **AMP3** ay isang kolektibo ng mga manlilikha't musikero mula sa Asya na nagtutulungan upang magtaguyod ng isang komunidad, maibahagi at maisulong ang musika ng mga tao, at sumuporta sa lokal na pakikibaka.

PARA SA SINING NA MAPAGPALAYA

🌐 www.lilak.net
f fb.com/katutubonglilak
📷 [katutubonglilak](https://twitter.com/katutubonglilak)



LILAK

PURPLE ACTION FOR INDIGENOUS WOMEN'S RIGHTS

